

Paghahanda para sa pinakabagong Bakuna sa JN.1 COVID-19

Nagsimula nang magbigay ang Pamahalaan ng pinakabagong bakuna sa JN.1 COVID-19 sa mga kwalipikadong indibidwal na may edad 12 taon o higit pa mula noong 19 Nobyembre 2024, habang patuloy namang ibinibigay ang bakuna sa XBB COVID-19 para sa mga batang may edad 6 na buwan hanggang 11 taon.

Ang mga mamamayan na may mataas na panganib, partikular ang mga matatanda at mga may comorbidity, ay dapat makatanggap ng booster ng bakuna sa lalong madaling panahon kung natanggap nila ang kanilang huling dosis o nagkaroon ng impeksyon sa COVID-19 higit sa 6 na buwan na ang nakalipas.

Programang Pagbabakuna Laban sa COVID-19 ng Pamahalaan

- Ang mga indibidwal na may edad 6 na buwan pataas ay maaaring tumanggap ng libreng (mga) pangunahing dosis.
- Ang mga kabilang sa mataas na panganib na pangkat ay maaaring tumanggap ng libreng booster dose.
 1. Mga nakatatanda na may edad 50 pataas, kabilang ang mga naninirahan sa residensyal na care homes.
 2. Mga indibidwal na may edad 18 hanggang 49 na may mga umiiral na karamdaman (comorbidities).
 3. Mga indibidwal na may edad 6 na buwan pataas na may kondisyon ng mahinang immune system.
 4. Mga buntis.
 5. Mga manggagawa sa sektor ng kalusugan.

Para sa karagdagang detalye tungkol sa Programang Pagbabakuna Laban sa COVID-19, bisitahin ang website ng CHP:

<https://www.chp.gov.hk/en/features/106934.html>



29 Nobyembre 2024 (29 November 2024)